CAMINAR

KALAKIP 10

PAUNAWA NG MGA PATAKARAN SA PAGPAGKAPRIBADO

Epektibo mula Septiyembre 1, 2018

Inilalarawan ng abisong ito kung paano maaaring gamitin at isiwalat ang iyong medikal na impormasyon at kung paano ka makakakuha ng access sa impormasyong ito. Pakisuri ito nang mabuti.

A. INTRODUKSIYON

Sa panahon ng pagbibigay ng mga serbisyo at pag-aalaga sa iyo, kinukuha at tinatabi ng Mga Serbisyon ng mga Pamilya at Bata (Caminar) ang ilang personal na impormasyon tungkol sa iyo. Tinatawag itong "protektadong impormasyong pangkalusugan." Ang protektadong impormasyong pangkalusugan ay ang anumang impormasyong nauugnay sa iyong pisikal o mental na kalusugan, sa anumang pangangalagang pangkalusugan na ibinigay sa iyo, o sa mga bayad para sa iyong pangangalaga na maiuugnay sa iyo.

Inilalarawan ng Abiso ng Mga Patakaran sa Pagkapribado ang aming mga responsibilidad at ang iyong mga karapatan sa iyong impormasyong pangkalusugan, at ang mga posibleng paggamit at pagsisiwalat ng naturang impormasyon.

B. ANG AMING MGA RESPONSIBILIDAD

Inaatas kami ng batas na pederal at ng estado na panatiliing pribado ang iyong impormasyong pangkalusugan. Inaatas din kami ng batas na ibigay sa iyo ang Abisong ito, na naglalarawan ng aming mga legal na tungkulin at mga patakaran sa pagkapribado kaugnay ng iyong impormasyong pangkalusugan. Susundin namin ang mga tuntunin ng Paunawang ito. Kung ang mga inaatas sa ilalim ng batas ng estado ng California ay mas mahigpit kaysa sa mga pamantayang pederal, susundin namin ang batas ng California. Bukod pa rito, ang mga rekord na may kaugnayan sa paggamot sa paggamit ng alkohol at droga ay maaari ring sumailalim sa mga espesyal na batas ng estado at na pederal sa pagkapribado. Susundan namin ang mga batas na ito kung mas mahigpit sila kaysa sa mga probisyon sa Paunawang ito.

Maaari naming baguhin ito o ang anumang Abiso sa hinaharap at na gawing epektibo ang mga bagong probisyon para sa lahat ng impormasyong pangkalusugan na hawak namin. Kung ang pagbabago ay ay isang mahalagang pagbabago sa aming mga patakaran sa pagkapribado, magbibigay kami ng isang binagong Abiso sa iyo o sa iyong legal na kinatawan. Sa lahat ng iba pang mga sitwasyon, bibigyan ka namin ng bagong Abiso kapag hiniling ito. Bilang karagdagan, ang binagong Abiso ay ilalagay sa isang malinaw at kilalang lugar sa pasilidad at sa website ng Caminar.

C. PAGGAMIT AT PAGPAPAHAYAG NG MAYROONG PAGPAYAG MULA SA IYO

Kakailanganin namin ng isang nakasulat na pagpayag mula sa iyo bago namin gamitin o ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan, maliban kung pinahihintulutan o kinakailangan na gawin ito ng batas nang wala ang iyong pahintulot.

Maliban sa limitadong mga pangyayari, kakailanganin namin ang iyong nakasulat na pahintulot upang gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan para sa mga layunin sa marketing, para ibenta ang iyong impormasyong pangkalusugan sa isang third party, o para gamitin o ibahagi ang anumang mga tala sa psychotherapy.

Maaari naming ibahagi ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo sa mga taong pinahihintulutan mong kausapin ng Caminar. Ikaw ang tutukoy at magsasabi ng lawak ng pagsisiwalat.

Naghanda kami ng isang form ng pahintulot na pwede mong gamitin na nagpapahintulot sa amin na gamitin o ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan para sa mga layuning nakalagay sa form. Hindi ka inaatasang pumirma ng form bilang isang kondisyon bago ka makatanggap ng paggamot o na bayaran ang pag-aalagang iyong natanggap. Kung pumirma ka ng awtorisasyon, maaari mong bawiin ito anumang oras sa pamamagitan ng nakasulat na abiso. Hindi namin gagamitin o isiwalat ang iyong impormasyong pangkalusugan, maliban kung saan kami ay umasa na sa iyong awtorisasyon.

D. PAANO MAAARING GAGAMITIN NG Caminar ANG IYONG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN NANG WALA ANG IYONG PAHINTULOT

Maaaring gamitin o ibahagi ng Caminar ang iyong impormasyong pangkalusugan sa mga sumusunod na paraan:

Ang iyong Pangangalaga at Paggamot

- Maaari naming gamitin ang iyong impormasyon sa kalusugan at ibahagi ito sa iba pang mga propesyonal na gumagamot sa iyo. *Halimbawa, maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon sa isang doktor na naggagamot sa iyo para sa isa pang kondisyong medikal.*
- Sa karamihan ng mga kaso, ang aming kawani ay hindi gagamit ng mga text message upang ipadala o tanggapin ang iyong impormasyong pangkalusugan. Sa mga bihirang sitwasyon, maaaring kailanganin ng mga tagapag-alaga ng Caminar na makipag-usap sa isa't isa sa pamamagitan ng text message upang matugunan ang isang emergency na kinasasangkutan mo, at ang mga mensaheng ito ay maaaring maglaman ng impormasyon sa kalusugan.
- Maaari mo kaming pahintulutan na makipag-usap sa iyo sa pamamagitan ng text o email tungkol sa napaka-limitado, hindi klinikal na impormasyon tulad ng mga oras at petsa ng iyong appointment. Maaari mo rin kaming pahintulutan na makipag-usap sa pamamagitan ng telepono sa mga itinalagang tao tungkol sa limitado at hindi klinikal na impormasyon. Hihilingin naming pumirma ka ng isang hiwalay na form ng pahintulot na pinapayagan kaming makipag-usap sa iyo sa ganitong paraan.

Pagsingil at Pagbabayad

- Maaari naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan sa mga pampubliko o pribadong tagaseguro sa kalusugan (tulad ng mga kompanya ng segurong pangkalusugan, HMO, Medicare, at Medi-Cal) upang singilin at tanggapin ang mga bayad para sa iyong paggamot at sa mga serbisyong natanggap mo. *Halimbawa, ang impormasyon sa isang singil ay maaaring magsama ng impormasyon na nauugnay sa iyo, kasama ang iyong diagnosis, mga procedure, at mga supply na ginagamit.*
- Maaari din naming ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan sa mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan upang pahintulutan silang tukuyin kung may utang silang anumang pagbabayad para sa pangangalaga na ibinigay nila sa iyo.

Mga Operasyon sa Pangagalaga sa Kalusugan

Maaari naming gamitin ang iyong impormasyon sa kalusugan para sa aming mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Ang mga paggamit at pagsisiwalat ay kinakailangan upang pamahalaan ang Caminar at upang masubaybayan ang kalidad ng aming mga serbisyo at pangangalaga. *Halimbawa, maaari naming gamitin ang iyong impormasyon sa kalusugan upang repasuhin ang aming mga serbisyo at upang suriin ang kung gaano kabuti ang aming mga kawani sa pag-aalaga sa iyo.*

Mga Taong Kaugnay sa Iyong Pag-aalaga o sa Pagbabayad para sa Iyong Pag-aalaga

Maaari naming ibahagi ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo sa mga taong pinahihintulutan mong kausapin namin, o sa iyong legal na kinatawan. Maaaring kabilang sa mga ito ang mga kaibigan o kapamilya na kaugnay sa iyong pangangalagang medikal o sa isang taong tumutulong sa pagbabayad para sa iyong pangangalaga. Kapag pinayagan, maaari rin naming sabihin sa iyong pamilya o mga kaibigan ang iyong kondisyon.

Pagtugon sa Mga Demanda at Mga Aksyong Legal

Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan bilang tugon sa isang utos mula sa hukuman o mula sa isang kautusang pang-administratibo, o bilang tugon sa isang subpoena na inisyu ng isang partido sa isang demanda, sa isang administratibong tribunal, o sa isang pribadong arbitrator. Maaaring kabilang dito ang mga di-boluntaryong komitment at conservatorship proceedings sa ilalim ng Lanterman-Petris-Short Act.

Worker's Compensation, Pagpapatupad ng Batas, at Iba Pang Kahilingan ng Pamahalaan

Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan:

- Upang sumunod sa mga batas sa worker's compensation sa California.
- Para sa mga layunin ng pagpapatupad ng batas, tulad ng pagtugon sa subpoena ng hukuman o search warrant.

- Sa mga opisyal ng pagpapatupad ng batas na nagsisiyasat ng mga krimen na kinasasangkutan ng mga kliyente.
- Para sa mga espesyal na gawain ng gobyerno, tulad ng militar at pambansang seguridad.

Pag-uulat ng Pag-abuso

Ibubunyag namin ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa isang kliyente na pinaghihinalaang biktima ng pang-aabuso sa lawak na kinakailangan upang makumpleto ang anumang pasalita o nakasulat na ulat na inuutos ng batas. Sa ilang mga pangyayari, maaari naming ibunyag ang karagdagang impormasyon tungkol sa kalusugan ng kliyente upang tulungan ang ahensiyang nagiimbestoga sa pagsasagawa ng mga tungkulin nito.

Mga Paglilisensya at Pampublikong Aktibidad

Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan:

- Sa isang gobyerno o pribadong ahensiya, tulad ng California Department of Public Health o sa Medical Board of California, upang maisagawa nila ang kanilang mga aktibidad sa pangangasiwa.
- Sa isang ahensiya na pinahintulutang mangolekta ng impormasyon para sa mga layunin ng pagpigil o pagkontrol sa sakit, pinsala, o kapansanan.

Mga Kasosyo sa Negosyo o Business Associates

Maaari kaming maki-kontrata sa ilang mga indibidwal o mga organisasyon, na tinatawag na "kasosyo sa negosyo" o "business associates" upang magbigay ng mga serbisyo para sa amin. Sa mga kasong ito, magkakaroon kami ng kontrata sa bawat kasosyo sa negosyo upang mapanatiling pribado ang iyong impormasyong pangkalusugan. *Halimbawa, maaaring kasama dito ang pagpoproseso ng data, pagsisiguro ng kalidad, mga serbisyong legal, o mga serbisyo sa accounting.*

Pagkuha ng Pondo

Ang Caminar ay hindi nakikipag-ugnayan sa mga kliyente ng programa para sa mga layunin ng pangangalap ng pondo. Kung ang aming mga pangangalap ng pondo o fundraising ay magbabago sa hinaharap, mayroon kang karapatan na huwag sumali sa mga naturang komunikasyon, at bibigyan ka namin ng paraan para gawin ito.

Coroner, Kaligtasan, at Tulong sa Kalamidad

Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan:

- Sa kahilingan ng isang coroner upang pahintulutan ang coroner na isagawa ang kanyang mga tungkulin.
- Upang maiwasan ang isang agaran at seryosong banta sa kaligtasan ng isang nakikilalang tao.
- Sa isang pampubliko o pribadong entidad na awtorisadong tumulong sa mga pagsisikap sa tulong ng kalamidad.

Pananaliksik

Maaari naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan para sa mga layuning pananaliksik kung ang isang institutional review board na nangangasiwa ng pagsasaliksik ay nag-aprubang gamitin ito nang walang nakasulat na awtorisasyon.

Iba pang mga Pagsisiwalat

Ibubunyag namin ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa isang kliyente kung kinakailangan ng batas.

E. ANG IYONG MGA KARAPATAN TUNGKOL SA PROTEKTADONG IMPORMASYON SA KALUSUGAN

Mayroon kang mga sumusunod na karapatan na may kinalaman sa iyong impormasyong pangkalusugan. Upang magamit ang mga karapatang ito, makipag-ugnay sa Caminar, sa 2600 South El Camino Real, San Mateo, CA 94403.

Karapatan na Tumanggap ng isang Kopya ng Paunawa ng Mga Patakaran sa Pagkapribado

Mayroon kang karapatang humiling at tumanggap ng isang kopya ng Abiso ng Mga Patakaran sa Pagkapribado mula sa FCS sa nakasulat o electronic form.

Karapatang Humiling ng Access

May karapatan kang humiling na siyasatin at makakuha ng mga kopya ng iyong mga talaan sa kalusugan sa format na papel o elektroniko. Maaari naming ibigay ang mga tala sa iyo o sa isang taong iyong itinalaga. Sa ilang mga limitadong kalagayan, maaaring tanggihan ng FCS ang iyong kahilingan tulad ng pinahihintulutan ng batas.

Karapatan na Humingi ng mga Espesyal na Proteksyon sa Pagkapribado

- May karapatan kang humiling ng mga paghihigpit sa paggamit at pagsisiwalat ng iyong impormasyon sa kalusugan para sa paggamot, pagbabayad o mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan, o sa pagbibigay ng mga abiso tungkol sa iyong pagkakakilanlan at katayuan sa mga taong nagtatanong tungkol o na kasangkot sa iyong pangangalaga.
- Hindi kami inaatasang pagbigyan ang iyong kahilingan, maliban kung hilingin mo sa amin na huwag ibunyag ang impormasyon sa iyong planong pangkalusugan sa pag-aalaga na binabayaran mo mismo o ng ibang tao.
- Kung sumang-ayon kaming sumunod sa iyong kahilingan, gagawin namin ito hanggang wakasan mo o namin ang paghihigpit, o kung may emergency.
- Mayroon ka ring karapatang humiling na ipaalam sa iyo ng FCS ang impormasyong pangkalusugan sa iyo o sa iba pang tatanggap, sa alternatibong paraan, o sa mga alternatibong lokasyon (*halimbawa, sa iyong tahanan o opisina, o sa iyong cellular phone*).

Karapatang Humiling ng Pagbabago

May karapatan kang humiling ng isang pagbabago sa iyong mga talaan ng kalusugan na pinapanatili ng Caminar. Kung tinanggihan ang iyong kahilingan, makakatanggap ka ng isang nakasulat na abiso, kabilang ang mga dahilan para sa naturang pagtanggi, at isang pagkakataon na magsumite ng nakasulat na pahayag na hindi sumang-ayon sa pagtanggi.

Karapatan sa isang Pagsisiwalat ng Accounting

May karapatan kang makatanggap ng isang listahan (isang "accounting") ng mga pagsisiwalat ng iyong impormasyong pangkalusugan na nilikha at pinananatili ng Caminar nang hanggang anim (6) na taon bago ang petsa ng iyong kahilingan, hindi kasama dito ang ilang mga karaniwang pagsisiwalat o pagsisiwalat na alam mo na.

F. PAG-AABISO NG MGA NAKOMPROMISONG SEGURIDAD

Aabisuhan ka namin kung may naganap na kompromiso sa pagkapribado o seguridad ng iyong impormasyong pangkalusugan.

G. MGA REKLAMO

- Kung naniniwala ka na nilabag ang iyong mga karapatan sa pagkapribado, maaari kang magsampa ng reklamo sa Caminar sa pamamagitan sa (650) 326-6576, o sa pagsusulat sa Caminar, 2600 South El Camino Real, San Mateo, CA 94403.
- Maaari mo ring kontakin ang Office for Civil Rights, U.S. Department of Health and Human Services, 90 7th Street, Suite 4-100, San Francisco, CA 94103, Telepono: (800) 368-1019; Fax: (202) 619-3818; TDD: (800) 537-7697, o sa pamamagitan ng pagbisita sa: www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints.
- **Hindi kami gaganti laban sa iyo kung maghain ka ng reklamo.**

H. HIGIT PANG IMPORMASYON

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa Abiso sa Mga Patakaran sa Pagkapribado o nais mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa pagkapribado, makipag-ugnayan sa Caminar sa 2600 South El Camino Real, San Mateo, CA 94403.

Ang petsa ng pagkakabisa ng Abiso ng Mga Patakaran sa Pagkapribado na ito ay Setyembre 1, 2018.

MGA SERBISYO NG PAMILYA AT MGA BATA

PAGKILALA NG PAGTANGGAP NG PAUNAWA NG MGA PATAKARAN SA PAGPAGKAPRIBADO

Ako, , (*pangalan ng kliyente*) ay nakatanggap ng isang kopya ng Abiso ng Mga Patakaran sa Pagkapribado ng Caminar (Caminar), epektibo nitong **Setyembre 1, 2018** .

KLIYENTE	O	LEGAL NA KINATAWAN (kung pumipirma para sa Kliyente)
Pirma ng Kliyente		Pirma ng Legal na Kinatawan
I-print ang Pangalan ng Kliyente		I-print ang Pangalan at Relasyon sa Kliyente
Street		Street
Lungsod Estado Zip		Lungsod Estado Zip
Telepono		Telepono
Petsa		Petsa

PARA SA PAGGAMIT NG OPISINA LANG

Tinangka ng Caminar na makakuha ng nakasulat na pagkilala ng pagtanggap ng Abiso ng Mga Patakaran sa Pagkapribado, ngunit hindi ito nagawa dahil:

☐ Ang kliyente o personal na kinatawan ay tumangging pumirma

☐ Isang emerhensiya ay pinigilan ang Caminar na makakuha ng pagkilala

☐ Iba Pa_

Caminar:

Pangalan: Lagda:

Titulo: Petsa: